- Tunay na ang batas ng Islam at mga hatol nito ay naaangkop sa lahat ng tao, nasasaklaw nito ang lahat sapagkat ito ay may katarungan, hustisya, awa at kabutihan. At mayroon itong kakayahang umangkop sa lahat ng kalagayan at pangyayari. Ang Islam ay hindi relihiyon na manhid at mahigpit na nagugulo nang dahil dito ang mga makabubuti sa mga tao.

- Ang mensahe ng Islam ay pandaigdigan na saklaw ang lahat ng panahon, lugar at mga tao. Kinakausap nito ang mga isipan at mga puso, at ipinagbubuti nito ang mga kaluluwa at katawan, at nasasaklaw nito ang mga kabutihan sa mundo at kabilang-buhay.

Napapaloob dito ang doktrina, pagsamba, mga batas, pakikipag-ugnayan at mga nakabubuti sa ekonomiya. At napapaloob din dito ang mga pamamaraan ng pagdidisiplina at pagtuturo na sapat para sa mga tao sa kanilang panrelihiyon at pangmakamundong bagay. Sinabi ng Allah: (Hindi pa ba sapat sa mga sumasamba ng iba bukod sa Allah na malaman nila ang pagiging totoo mo, O Muhammad ﷺ, na Kami ay nagpahayag sa iyo, ng Dakilang Qur´an na binibigkas sa kanila? Katiyakan, ang Dakilang Qur´an na ito ay habag sa mga mananampalataya rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay, at mga paalaala na naaalaala nila sa pamamagitan nito ang anumang aral at pagpapayo.) *Al-Qur´an 29:51*







DISCOVER AL-ISLAM

www.DiscoverAlislam.com
info@DiscoverAlislam.com

@AlislamDiscover

**I-SCAN ANG QRCODE**
upang mag-download
ng polyeto sa ibang wika

# Ang Pandaigdigang Relihiyon




Tagalog

Katiyakan na ang mensahe ng Islam ay ang selyo ng makalangit na mga mensahe, at ang Islam ay ang relihiyon na ikinalugod ng Allah para sa mga tao. Sinabi ng Allah: (Sa araw na ito ay kinumpleto Ko nang ganap para sa inyo, ang inyong Deen, na ito ay Deen Al-Islam, sa pamamagitan ng pagkapanalo ninyo sa inyong mga kalaban at pagsasabuo ng batas nito, binuo Ko sa inyo ang Aking biyaya sa pamamagitan ng pag-aalis ninyo sa kadiliman ng kamangmangan patungo sa liwanag ng pananampalataya; at pinili Ko para sa inyo ang Islam bilang inyong Deen; na kung kaya, magpanatili kayo rito at huwag ninyo itong tatalikuran.) *Al-Qur´an 5:3*

Si Muhammad ay Sugo ng Allah ﷺ na selyo ng mga propeta; kaya siya ay ipinadala para sa lahat ng mga tao. Sinabi ng Allah: (Sabihin mo, O Muhammad ﷺ sa mga tao, lahat sila: Katiyakan, ako ay Sugo ng Allah sa inyong lahat, na ito ay para sa lahat-lahat at hindi sa iilan lamang) *Al-Qur´an 7:158*. At sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "May ibinigay sa akin na lima na hindi ibinigay sa sinuman bago ako, Ang lahat ng propeta ay ipinadala para sa kanyang natatanging nasyon lamang, at ako ay ipinadala para sa lahat, mapula man, o maitim…"



Ang maluwalhating Qur'an ay ang selyo ng lahat ng makalangit na mga Kasulatan, Sinabi ng Allah: (Ipinahayag Namin sa iyo, O Muhammad ﷺ, ang Dakilang Qur´an, na ang lahat ng niloloob nito ay makatotohanan; at tumetestigo at pinapatotohanan nito ang mga naunang Aklat, na ang mga ito ay nagmula sa Allah; at (ang Qur´an na) ito ay nangingibabaw sa naunang mga Aklat at nagpapatotoo at bilang tagapangalaga sa mga naunang kasulatan.) *Al-Qur´an 5:48*

Ang mensahe ng Islam ay para sa lahat ng tao sa lahat ng kanilang lahi: Arabo, Barbarian, Monggol, Caucasian, Aprikano, Amerikano at lahat ng lahi ng mga tao.

Ang Islam ay nagbigay ng pinakamagandang mga halimbawa sa paglaban sa pang-aapi at rasismo. Tunay na nagbigay ng sermon ang Sugo ng Allah ﷺ sa Hajjatul Wada' (Pangwakas na Hajj), siya ay nagsabi: (O sangkatauhan, tunay na ang inyong Panginoon ay iisa, at ang inyong ama ay iisa, walang kainaman ang arabo sa hindi arabo, gayundin ang hindi arabo sa arabo, at walang kainaman ang mapula sa maitim at ang maitim sa mapula liban sa pagkatakot sa Allah.)

At nang magkaroon ng pagtatalo sa pagitan ni Abu Dharr at Bilal Al-Habashiy, sinabi ni Abu Dharr kay Bilal: O ikaw na anak ng maitim.

Inireklamo ito ni Bilal sa Sugo ng Allah, at sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ kay Abu Dharr: "O Abu Dharr, minamaliit mo ba siya nang dahil sa kanyang ina?! Katiyakan na ikaw ay isang tao na may Jahiliyyah (kamangmangan)."

Ibig sabihin: Ang pagmamaliit mo kay Bilal sa pamamagitan ng kulay ng kanyang ina, iyon ay kabilang sa pag-uugali ng kamangmangan, at hindi kabilang sa pag-uugali sa Islam.

At wala sa Islam na anumang batas na nakabatay sa kulay ng balat.

Tunay na si Bilal Al-Habashiy ay napapabilang sa mga pinuno ng Sahaabah (mga kasamahan ng Sugo ng Allah) sa kabila ng kanyang pagiging aliping Habashiy na maitim; dahil dito ay sinabi ni 'Umar bin Al-Khattaab —kalugdan nawa siya ng Allah-: "Si Abu Bakar ay pinuno natin at ang nagpalaya sa pinuno natin," ang tinutukoy niya ay si Bilal.

At si Abu Lahab, sa kabila ng kanyang pagiging may pinakamarangal na lahi sa mga tao, siya pa ay tiyuhin ng Propeta ﷺ at siya ay kabilang sa pinakagwapong tao, ngunit siya ay sa Impiyerno; dahil hindi siya nanampalataya sa Allah at Kanyang Sugo.

Ang mensahe ng Islam ay saklaw ang lahat ng mga tao sa lahat ng kanilang mga wika, na nagsasalita ng arabe, ingles, pranses, urdu o anumang wika sa mundo, maging ito man ay pandaigdigan o lokal na wika.

Ang mensahe ng Islam ay saklaw ang lahat ng mga tao sa lahat ng panahon, ito ay hindi limitado sa mga taong nasa panahon ng pagkasugo, ngunit sa halip ito ay isang mensahe na mananatili hanggang sa katapusan ng panahon.

Dahil dito ay hinimok ng Propeta ﷺ ang pagpaparating ng Qur'an at Sunnah sa henerasyon pagkatapos ng isa pang henerasyon. Sinabi ng Allah: (Ang mga yaong ipinarating ang mensahe ng Allah sa sangkatauhan at natakot sila sa Allah na Bukod-Tangi, na wala silang kinakatakutan na sinumang bukod sa Kanya.) *Al-Qur´an 33:39*, at sinabi ng Sugo ng Allah: (Iparating ninyo ang tungkol sa aking aral kahit na isang talata lamang).

At sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: "Pagpalain nawa ng Allah ang isang tao na nakarinig ng isang hadith mula sa atin at kinabisado ito upang maiparating niya ito sa iba, maaaring ang nagdadala ng kaalaman ay naghahatid nito sa mas bihasa kaysa sa kanya; at maaaring ang nagdadala ng kaalaman ay hindi ito naiintindihan nang lubusan.)

Ang mensahe ng Islam ay saklaw ang lahat ng mga tao sa lahat ng lugar, ang Islam ay kumalat sa lahat ng mga kontinente ng mundo, na umaabot sa mga gusaling matatayog na abot sa ulap, mga yungib sa mga bundok, mga kagubatan sa mga kapatagan, at sa mga taong naninirahan sa mga disyerto. Sinabi ng Allah: (At inihayag ng Allah sa akin ang Dakilang Qur´an na ito upang sa pamamagitan nito ay mabalaan ko kayo hinggil sa Kanyang kaparusahan na magaganap sa inyo, at binabalaan ko rin sa pamamagitan nito ang sinumang sambayanan na maaabot nito.) *Al-Qur´an 6:19* Ibig sabihin: Lahat ng sinumang maabot ng Qur'an sa lahat ng panahon at lugar.

Tunay na ang Sahaabah at Taabi'un, sa kabila nang mga makaluma at mahirap na paraan ng transportasyon sa kanilang panahon, walang iba kundi mga kabayo at kamelyo, magkagayunpaman ay naipalaganap nila ang Islam sa India, Sindh, China, Silangang Asya, pinakamalayong sulok ng Africa, at dulo ng Europa.



Walang maiiwan na lugar sa balat ng lupa nang hindi naabot ito ng Islam, sinabi ng Sugo ng Allah ﷺ: (Katiyakang aabot ang bagay na ito sa mga naabot ng gabi at araw, at walang iiwanan ang Allah na bahay at tahanan liban na ipapasok ng Allah dito ang relihiyong ito sa pamamagitan ng karangalan ng taong marangal o sa pamamagitan ng kababaan ng taong mababang antas, na karangalang ikinararangal ng Allah sa pamamagitan nito ang Islam, at kababaan na ibinababa ng Allah sa pamamagitan nito ang Kufr (kawalan ng pananampalataya).)

At ang Islam na naghihikayat tungo sa pagkakakilanlan at pagtutulungan sa pagitan ng mga tao sa kagandahan at kabutihan. Sinabi ng Allah: (O sangkatauhan! Katiyakang nilikha Namin kayo mula sa isang ama lamang na ito ay si Adam, at sa isang ina lamang na ito ay si Hawwa`, na kung kaya, walang pagtatangi-tangi sa pagitan ninyo sa lahi, at ginawa Namin kayo dahil sa pagpaparami ng lahi na mga sambayanan at iba´t ibang tribo, upang makilala ninyo ang isa´t isa) *Al-Qur´an 49:13*

Ibig sabihin: Upang mangyari ang pagkakakilanlan sa pagitan ng mga tao, at sa kalagayang ito ay mangyayari ang pagtutulungan sa kagandahan at ikabubuti.